



## 710 Task Force

### 710 Aplikasyon para sa Community Leadership Committee (CLC) ng Task Force

#### Panimula

Itinatag ng Metro ang Community Leadership Committee (CLC, Komite sa Pagiging Lider sa Komunidad) para gumawa ng mekanismo sa direktang pakikilahok at patuloy na paraan ng komunikasyon sa pagitan ng mga residente at manggagawa sa komunidad sa I-710 South Corridor at 710 Task Force. Papayuhan ng CLC ang 710 Task Force sa buong proseso nito, kasama ang mga layunin, panukala, at rekomendasyon sa mga pinagkasunduang checkpoint, na itinaguyod sa plano ng paggawa. Tutulong din ang CLC na kumpirmahin ang mga tunay na datos at natuklasan, magpayo sa mga estratehiya at pagsisikap sa pakikipag-ugnayan sa komunidad at isagawa ang aktibong tungkulin sa pagsuporta sa gawain ng 710 Task Force para makipag-ugnayan sa iba pang miyembro ng lokal na komunidad.

Naghahanap ang Metro ng grupo na binubuo ng iba't iba at nakatuon na miyembro ng komunidad mula sa at kinatawan ng I-710 South Corridor para lumahok sa CLC mula Marso hanggang Disyembre 2022 sa loob ng 4 hanggang 6 na oras bawat buwan.

#### Mga responsibilidad ng mga miyembro ng CLC

- Dumalo sa mga buwanang Pagpupulong ng CLC para magpayo ukol sa mga layunin, panukala, at rekomendasyon ng Task Force (2 oras/buwan). Kasama sa mga halimbawa ng aktibidad at tatalakayin para sa Mga Pagpupulong ng CLC ang:
  - Tumulong sa pagpapatotoo o pagberipika ng mga datos at resulta batay sa kanilang karanasan at kaalaman
  - Magbigay ng payo sa estratehiya at mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan sa komunidad

- Suriin ang mga materyal ng Task Force at Working Group bago ang mga Pagpupulong ng CLC (~2 oras/buwan)
- Sumali sa mga working group (ad hoc) (Opsyonal, ~2 oras/buwan)

### Kompensasyon

- Kwalipikado ang pakikilahok sa CLC para sa kompensasyon sa ilalim ng bagong Patakaran sa Kompensasyon ng Advisory Body (Lupon ng Tagapayo) ng Metro
- Kwalipikado ang lahat ng miyembro ng publiko para sa kompensasyon, anuman ang katayuan sa imigrasyon, katayuan ng pabahay, kakayahan, o anumang iba pang katayuan na maaaring hadlang sa pakikilahok (tingnan ang nakalakiip para sa higit pang detalye)

### Pangunahing Kwalipikasyon

- Dapat nakatira o nagtatrabaho sa pinag-aaralang lugar sa I-710 South Corridor (tingnan ang nakalakiip)
- Dapat ay hindi kasalukuyang Miyembro ng 710 Task Force

### Mga Pinipiling Kwalipikasyon

- Mga kandidatong makapagpapakita ng kanilang kaalaman sa mga isyu sa komunidad, kasaysayan, at mga alalahanin
- Mga kandidatong nauugnay at konektado sa mas malalawak na network ng komunidad at paraan ng pakikipag-ugnayan

### Impormasyong dapat ibigay ng mga kandidato

- Address ng tirahan o trabaho (o mga pangunahing cross street)
- Demograpikong impormasyon (hal., edad, lahi/etnisidad, kasarian, sekswal na oryentasyon, at pangunahing wika na ginagamit)
- Mga larangan/paksa kung saan partikular na interesado
- Pangunahing paraan ng pagbiyahe (Nagmamaneho nang mag-isa, carpool, tren, bus, bisikleta, paratransit, paglalakad, o iba pa)
- Ugnayan sa mga CBO, negosyo, ahensiya ng gobyerno, o civic o non-profit na organisasyon
- Impormasyon sa mga aktibidad sa pakikilahok/pakikipag-ugnayan sa komunidad
- Mga pinipiling oras ng pagpupulong (magbigay ng iba't ibang oras na 2 oras ang tagal)
- Pinipiling wika

### Mga Pamantayan sa Pagpili

Bukod sa pagtugon sa mga pangunahin at pinipiling kwalipikasyon, susuriin at piliin ang mga kandidato, sa minimum, batay sa mga pamantayan sa ibaba:

- Demograpiko at heograpikong pagkakaiba-iba
- Pagkakaiba-iba ng mga interes
- Pagsama ng mga monolingual, at hindi nagsasalita ng Ingles

Humihingi ang mga tauhan ng Metro ng feedback mula sa 710 Task Force batay sa mga pamantayan sa pagpili. Susuriin at pahuhusayin ng Working Group sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang mga pamantayang ito para magpresenta ng panghuling rekomendasyon sa 710 Task Force.

#### Proseso ng Pagpili

- Ipapakita ang draft na application sa 710 Task Force para sa kanilang feedback sa Enero 10, 2022
- Isasapinal ng Metro ang aplikasyon batay sa feedback mula sa 710 Task Force bago lumipas ang Enero 13, 2022
- Magbubukas ang proseso ng aplikasyon sa Enero 18, 2022 – magsasagawa ang mga miyembro ng Task Force at ang Metro Project Team ng nakatuong pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng komunidad
- Kailangang isumite ang mga aplikasyon bago lumipas ang Pebrero 18, 2022
- Ang isang lupon sa pagpili ay bubuun ng mga tauhan ng Metro at mga miyembro ng Working Group sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad
- Susuriin at tatasahin ng panel sa pagpili ang mga aplikasyon batay sa pamantayan sa pagpili na tinukoy sa itaas
- Ipepresenta ng Working Group sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ang mga inirerekomandang miyembro ng CLC sa 710 Task Force sa Marso 2022